



Paghahanda para sa Heating Oil Law ng Seattle

Ang langis na pampainit ay ang paraan ng pagpapainit ng tahanan sa Seattle na pinakamahal at naglalabas ng pinakamaraming polusyon. Para makatulong na pabutihin ang kalidad ng hangin, iwasan ang mga tagas mula sa mga imbakang tangke, at bawasan ang polusyon sa klima, nagpasa ang Seattle ng batas para makatulong na dahan-dahang tanggalin ang paggamit ng langis na pampainit bago lumipas ang 2028.

Mga Detalye:

- **Simula Setyembre 1, 2021, ang langis na pampainit na binebenta sa Seattle ay papatawan ng buwis na humigit-kumulang 24 na sentimo kada galon.** Ang buwis na ito ay pananagutan ng provider ng serbisyo sa langis na pampainit. Kung ipapasa ng provider ng serbisyo sa langis na pampainit ang buwis na ito sa kanilang mga pantahanang customer, malamang ay magkakaroon ng pagtaas na karaniwang \$118 kada taon. Batay ang gastos na ito sa pangkaraniwang sambahayan na kumokonsumo ng 500 galon ng langis kada taon.
- Gagamitin ang kita mula sa buwis sa langis para makatulong bayaran ang pagpalit mula langis patungo sa de-kuryenteng heat pump na gumagamit ng mas kaunting kuryente para sa mga sambahayan na mababa ang kita. Ang mga sambahayan na hindi kwalipikado dahil sa kanilang kita ay magkakaroon din ng access sa mga rebate para mabalanse ang gastos ng pagpapalit.

Mga dulugan para matulungan ang mga residente ng Seattle na may mababang kita na mapamahalaan ang kanilang gastos sa pagpapainit at lumipat mula sa langis na pampainit patungo sa malinis at mabisang kuryente:

- **Reimbursement ng Buwis sa Langis**
Magre-reimburse ang Lungsod ng Seattle sa mga sambahayan na kwalipikado ang kita na nakikilahok sa Utility Discount Program (Programang Diskuwento sa Utilidad), **nang hanggang \$120 kada taon.** Ibibigay ang reimbursement na ito kada taon sa pamamagitan ng direktang pagbalik nito sa account ng customer sa Seattle City Light, o sa pamamagitan ng tseke.
- **Mga Libreng Heat Pump**
Gagamitin ang kita mula sa buwis sa langis para makatulong bayaran ang paglipat mula sa langis na pampainit patungo sa mga de-kuryenteng heat pump para sa humigit-kumulang 1,000 sambahayan na kwalipikado ang kita. Kabilang dito ang pagtigil sa paggamit ng tangke ng langis at pagtanggal ng lumang pugo (furnace) ng langis.
- **Heat Pump para sa Mga Nangungupahan**
Kung natutugunan ng nangungupahan ang kwalipikasyon sa kita, makikipagtulungan ang Lungsod sa landlord para sa pahintulot na kumpletuhin ang upgrade, at bilang kapalit, sasang-ayon ang landlord sa

isang kasunduan sa pangungupahan para iwasan ang mga pagtaas ng upa nang 3 taon.

- **Utility Discount Program**

Available ang programang ito sa anumang sambahayan na kwalipikado ang kita – hindi lamang sa mga sambahayan na gumagamit ng langis na pampainit. Nangangahulugan ang paglipat mula langis patungo sa de-kuryenteng pagpapainit na magkakaroon ng diskuwento nang 60% ang gastos sa de-kuryenteng pagpapainit. Nakakatanggap din ang mga kalahok ng 50% na diskuwento sa gastos sa tubig at alkantarilya. Para sa impormasyon, tumawag sa 206 684 3417 o pumunta sa <https://www.seattle.gov/light/assistance/>

Sino ang tinuturing bilang mababa ang kita?

Ayon sa mga kwalipikasyon sa kita para sa upgrade sa heat pump, ang mga sambahayan ay dapat may kita na 80% o mas mababa pa sa Area Median Income (Pangkaraniwang Kita sa Lugar).

Laki ng Sambahayan	Taunang Kita
1	\$60,800
2	\$69,500
3	\$78,150
4	\$86,900
5	\$95,850

Mga Dulugan para sa LAHAT ng residente ng Seattle na gumagamit ng langis na pampainit:

- **Insurance laban sa gastos sa paglinis ng tangke ng langis na may tagas - LIBRE**

Nag-aalok ang Estado ng Washington ng libreng programa ng insurance sa pagtagas ng tangke ng langis na sumasaklaw sa hanggang \$60,000 sa gastos sa paglilinis para sa mga nakarehistro na para sa programa. Gumagawa din ang estado ng programa para sa gawad at loan para sa mga residenteng hindi pa nakarehistro para sa insurance. Mahahanap ang karagdagang impormasyon sa www.plia.wa.gov.

- **Mga Rebate**

Makaka-access ang mga sambahayan sa \$1,500 na rebate kapag lumilipat mula sa langis patungo sa kwalipikadong sistema ng heat pump. Pagkatapos lumipat mula sa langis patungo sa kuryente, maaaring maging kwalipikado ka rin para sa mga rebate sa insulation at bintana ng Seattle City Light.

- **Mga opsyon sa pagbabayad**

Makakakuha ang mga sambahayan ng mga loan na may mababang interes para mabayaran ang mga upgrade na nakakatipid sa kuryente, kabilang ang mga de-kuryenteng heat pump, weatherization (pagpapatibay ng tahanan laban sa panahon), at marami pa. Mayroon ding pagkakataon para bayaran ang iyong loan sa iyong bill mula sa Seattle City Light. Ang Craft3 (www.craft3.org/) at Puget Sound Cooperative Credit Union (www.pscuu.org/) ang mga nagpapautang na nagkakaloob ng mga programang ito.

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa HeatingOil@Seattle.gov